

MINSAN SA MALAYONG KAHARIAN: ANG MAHIKA AT KAPANGYARIHAN NG MGA KUWENTONG-PAMBATA

by:

Adam Helson G. Elardo

Teacher III, St. Francis National High School

Ang papel ng isang bata sa lipunan ay mahalaga para sa pangkalahatang kagalingan at pag-unlad ng komunidad. Tinitingnan natin ang mga bata hindi lamang bilang miyembro ng lipunan sa hinaharap kundi aktibong kalahok sa ikauunlad ng bayan sa iba't ibang kaparaanan. Mula rito, mahalagang mahubog ang bata bilang indibidwal na may mapanuring pag-iisip, kultural na pagkakakilanlan at mabuting moral. Isa sa pangunahing instrumento sa pagtuturo at paglinang ng mga kakayahang ito ay sa pamamagitan ng mga kuwentong-pambata.

Ang pagkukuwento ay mayroong espesyal na lugar sa puso't isipan ng mga bata, lumalampas sa mga hangganan ng panahon at kultura. Ito ay isang walang hanggang gawaing naghahabi ng mahika sa tela ng pagkabata, na nag-aalok ng napakaraming mabuting bunga na humihigit pa bilang isang libangan. Ang kahalagahan ng pagkukuwento sa mga bata ay malalim na nakaaapekto sa kanilang kognitibo at emosyonal na pag-unlad.

Ang pagkukuwento ay nagpapasiklab ng apoy ng imahinasyon at nagbibigay-daan sa mga bata na galugarin ang mga kamangha-manghang mundo, mangarap nang malaki, at ipamalas ang kanilang pagkamalikhain. Gayundin, nagiging lunsaran ito sa pagtuturo at pagkatuto ng wika. Ang pagkakalantad sa iba't ibang salaysay ay nagpapahusay sa bokabularyo, pag-unawa sa wika, at mga kasanayang pangkomunikasyon. Ito ay naglalagay ng matibay na pundasyon sa mga bata para sa kanilang matagumpay na pagkatuto. Sabi nga ni Fajilan (2014) pangunahing instrumento sa pagtuturo at paglinang ng wika sa mga bata ay ang mga kuwentong-pambata.

Nakatutulong din ang mga kuwentong-pambata upang magkaroon sila ng empatiya. Ito ay nagbibigay-daan sa kanila na maunawaan at maiugnay ang sariling damdamin sa damdamin ng iba. Ang mga kuwento ay madalas na nagtatampok ng mga tauhan na humaharap sa mga hamon at nag-aalok ng mahahalagang aral sa katatagan at pagharap sa mga tagumpay at kabiguan ng buhay. Maraming kuwento ang nagdadala ng mga moral at nagtuturo sa mga bata tungkol sa tama at mali sa isang nakakaengganyo't 'di malilimutang paraan.

Dagdag pa, sa pamamagitan ng mga kwentong-bayan at tradisyonal na mga kuwento, natututo ang mga bata hinggil sa pagpapahalaga sa kaugalian, at tradisyon na nagpapaunlad ng kultural na pagkakakilanlan. Ang mga kuwentong naglalaman ng iba't ibang kultura ay naglalandad sa mga bata sa malawak na pananaw sa pag-unawa at pagtanggap sa pagkakaiba-iba ng tao. Ito ay nagpapaunlad ng pakiramdam ng pagkamausisa at pagpapahalaga sa yaman ng mundo. Ayon kay Cruz (2007) ay itinuturing ang panitikang pambata bilang batis ng kaalaman at ng kabutihang-asal. Nagiging instrumento ng lipunan ang panitikang pambata upang hubugin ang mga ito ayon sa kanilang pamantayan. Sa bawat kuwentong binabasa ng mga bata, wala silang kamalaymalay na naipapasa na sa kanila ang gender roles na kailangan nilang gampanan. Gamit ang mga kuwentong-pambata ay maari rin silang pumapaloob sa sistema at representasyon ng pagiging babae, lalaki at iba pang kasarian.

Ang pagkukuwento ay lumilikha rin ng mga pagkakataon para sa pagbubuklod sa pagitan ng mga magulang o tagapag-alaga, at mga anak, na nagpapatibay sa ugnayan ng pamilya. Ang mga aktibidad gaya ng pangkatang-gawain kaugnay sa binasang akda ay nagtataguyod ng pakikipagtulungan at komunikasyon.

Mahalaga rin ang pagpili ng mga angkop na kuwento na magiging lunsaran upang maitanim sa puso ng mga bata ang pagmamahal sa pag-aaral. Ang pagsusuri sa mga karakter, banghay, at wakas ng kuwento ay nagpapaunlad ng mga kasanayang-pampagkatuto at kritikal na pag-iisip. Hinahanda nito ang mga bata sa totoong hamon

ng buhay. Sa pamamagitan ng pagkukuwento, nagagalugad ng mga bata ang iba't ibang aspekto ng pagkakakilanlan at tinutulungan silang maunawaan ang kanilang sarili at ang iba. Ang pagkukuwento ay nagbibigay ng kapangyarihan sa mga bata na ipahayag ang kanilang mga iniisip, emosyon, mga karanasan, at kamalayan sa sarili.

Sa kaakit-akit na larangan ng pagkukuwento, ang mga bata ay hindi lamang nakahahapan ng libangan kundi isang tulay sa isang mundo ng pag-aaral, empatiya, at pagtuklas sa sarili. Ang kahalagahan ng pagkukuwento sa mga bata ay hindi pampalipas oras o libangan lamang. Ito ang humuhubog sa pundasyon ng kanilang pag-unlad; kognitibo, emosyonal, at panlipunan man.

Bilang mga tagapag-alaga, tagapagturo, at tagapagkuwento, hawak natin ang susi sa pagbukas ng walang hangganang potensyal na nakatago sa mga pahina ng bawat kuwento, na lumilikha ng mas maliwanag at mas mapanlikhang hinaharap para sa mga mananalaysay ng bukas.

The Official Website of DepED Division of Bataan

References:

Gojo Cruz, G. R. (2007). Kwentong Pangkasarian sa mga Kwentong Pambata. MALAY, 19(3).

Fajilan, W. F. (2014). Pagsasatinig ng Pagkabata: Ang Varayti ng Wika sa mga Premyadong

Kuwentong Pambata. Humanities Diliman, 11(2).